
THE FIRST 100 DAYS ISSUE

ISSUE 3

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus




GOVERNANCE
| Page 2, 3, 4, & 5

HEALTH & EDUCATION
| Page 7 & 10

THE FIRST 100 DAYS
| Page 8 & 9

TOURISM
| Page 11

SOCIAL WELFARE
| Page 12, & 13

RECOGNITION
| Page 14

INFRASTRUCTURE
| Page 15




***Standing from left to right:*** *SK Federation President Hon. Joshua Guinto, Hon. Darwin Remulla, Hon. Atty. Wency Lara, Liga ng Barangay President Hon. David Sapitan Jr., Hon. Lloyd Jaro, Hon. Totie Ropeta, Hon. Yen Saquilayan, Hon. Jelyn Maliksi, Hon. Larry Nato, Hon. Mark Villanueva, Hon. Sherwin Comia, Hon. Dennis Lacson, Hon. Enzo Asisto-Ferrer, Hon. Igi Revilla-Ocampo*

***Seating from right to left:*** *Board Member Shernan Jaro, Vice Mayor Homer Saquilayan, Congressman AJ Advincula, Mayor Alex Advincula, Board Member Ony Cantimbuhan.*

# *TUGON SA PAGBABAGO: ANG INAGURASYON AT PANUNUMPA NG MGA BAGONG LINGKOD BAYAN NG IMUS*

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Tanghali ng ika-30 ng Hunyo nang manumpa ang mga bagong halal na lider ng Pamahalaang Lungsod ng Imus kasabay ng kanilang inagurasyon. Ang seremonyang ito ang hudyat ng pagsisimula ng kanilang tungkulin sa publiko.

Pinangunahan ni Gob. Jonvic Remulla ng Lalawigan ng Cavite ang panunumpa nina Punong Lungsod Alex "AA" L. Advincula, Pangalawang Punong Lungsod Homer "Saki" Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod na sina Lloyd Jaro, Yen Saquilayan, Larry Nato, Jelyn Maliksi, Dennis Lacson, Darwin Remulla, Mark Villanueva, Totie Ropeta, Sherwin Comia, Atty. Wency Lara, Enzo Asistio-Ferrer, at Igi Revilla-Ocampo.

Kabilang din sa mga nanumpa ang Kinatawan ng Ikatlong Distrito ng Kabite Adrian Jay "AJ" Advincula at mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan na sina Shernan Jaro at Ony Cantimbuhan.

Sa mensahe ni Mayor AA, hiningi niya ang suporta ng mga kapwa kawani sa gobyerno at maging ng mamamayang Imuseño. Inamin niya na mahirap ang landas na tatahakin, ngunit buo ang loob ng alkalde na malalampasan ang mga ito sa pamamagitan ng isang gobyernong tapat at maaasahan.

Sa isang audio-visual presentation, inihain din ng punong lungsod ang mga proyekto at programang kaniyang tututukan, o ang kaniyang five-point agenda. Kasama rito ang kalusugan, edukasyon, at serbisyo publiko, maayos na pamamahala, pabahay at pangkabuhayan, imprastraktura, at kapaligiran.

Bahagi rin ng inagurasyon sina Vice Governor Athena Tolentino, Mayor Luis Ferrer IV at Vice Mayor Jonas Glyn Labuguen ng Lungsod ng General Trias, Mayor Strike Revilla ng Lungsod ng Bacoor, at ang mang-aawit at proud Imuseño na si Christian Bautista.

Bago matapos ang programa, nilagdaan ng punong lungsod ang una niyang Executive Order na naglalayong magtatag ng isang tapat at may pananagutang lokal na pamahalaan.

Nangako rin ang alkalde na mararamdaman ng bawat Imuseño ang pagbabagong dala ng kaniyang administrasyon.

"Umasa po kayo, dadalhin natin ang Imus sa isang maayos at maginhawang lungsod," ani Mayor AA.

# KAUNA-UNAHANG FLAG RAISING CEREMONY NI MAYOR AA

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagtataas ng Pambansang Watawat ng Pilipinas nitong Hulyo 11, 2022 sa unang pagkakataon mula nang mag-umpisa ang kaniyang termino.

Nakiisa rito sina Kinatawan Adrian Jay “AJ” Advincula, mga konsehal Lloyd Jaro, Yen Saquilayan, Larry Nato, Jelyn Maliksi, Dennis Lacson, Darwin Remulla, Mark Villanueva, Totie Ropeta, Sherwin Comia, Enzo Asistio- Ferrer, at Igi Revilla-Ocampo, Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan, at Sangguniang Kabataan President Joshua Guinto.

Sa pagharap ng punong lungsod sa mga kawani ng lokal na pamahalaan, hinimok niya ang mga ito na magkaisa at yakapin ang pagbabago. Pinaalala rin niya ang kahalagahan ng maayos na pagtatrabaho at mahusay na pagseserbisyo sa taong-bayan.




Nangako naman ang alkalde na babaguhin niya ang sistema sa mga tanggapan ng Pamahalaang Lungsod upang mabigyan ng tamang serbisyo ang mamamayang Imuseño.

Ayon sa kaniya, “Iparamdam natin na sa tama napupunta ang binabayad na buwis ng mga taxpayer sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang serbisyo. Kailangan tulungan natin sila. Kailangan alagaan natin sila. Kaya tayo narito sa puwesto para tulungan ang pangangailangan ng bawat Imuseño.”

Tinalakay rin ng alkalde ang kahalagahan ng malinis at maayos na tahanan ng Pamahalaang Lungsod sapagkat ito ay sumasalamin sa dedikasyon sa paglilingkod.

Dagdag pa ng punong lungsod, titiyakin niya ang pag-angat ng Lungsod ng Imus.

"Maraming maninibago sa pagbabago. Umasa kayo, dadalhin ko, dadalhin natin sa maganda at sa maayos ang ating Lungsod.”

# Inaugural session ng 5th Sangguniang Panlungsod ng Imus, isinagawa



SANGGUNIANG PANLUNGSOD SESSION HALL — Isinagawa ang kauna-unahang sesyon ng ika-limang Sangguniang Panlungsod (SP) noong Hulyo 11, 2022.

Sa kaniyang inaugural address, naglatag si City Mayor Alex "AA" L. Advincula ng mga pangunahing programa at proyekto ng kaniyang termino, o ang five-point agenda na kinabibilangan ng kalusugan, edukasyon, at serbisyo publiko, maayos na pamamahala, pabahay at kabuhayan, imprastraktura, at kapaligiran.

Sa ilalim nito, tinukoy ng punong lungsod ang ilan sa mga proyekto at programa gaya ng pagpapatayo ng anim na malalaking health center, libreng COVID-19 swab testing at maayos na vaccination sites, malinis at tapat na pamahalaan, pagpapasigla ng mga negosyo, pagtatatag ng Pamantasan ng Lungsod ng Imus, pagsasaayos ng suplay ng tubig, at tamang koleksyon ng mga basura.

Bilang presiding officer ng ika-limang SP, pinangunahan naman ni City Vice Mayor Homer Saquilayan ang pagtatalaga ng mga mangangasiwa sa iba't ibang komite, ang pagpasa ng kauna-unahang ordinansa, at ang pormal na pagsasabatas ng unang Executive Order.

Sa bagong kabanata ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, naniniwala si Mayor AA na siguradong maisasakatuparan ang pangarap na pag-angat ng mga Imuseño.

# 69th General Assembly and Election of New Officers ng LCP dinaluhan ni Mayor AA




QUEZON CITY — Bilang bagong halal na punong lungsod ng Imus, dinaluhan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang ika-69 na General Assembly and Election of New Officers ng League of Cities of the Philippines (LCP) noong Hulyo 20 at 21, 2022.

Sa pamamagitan ng pagpupulong na ito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga punong lungsod na makilala ang isa't isa. Ginabayan din ang mga alkalde sa pamamahala at pagpapatupad ng mga programa at proyekto, lalo na sa unang 100 araw ng kanilang panunungkulan.

Ang programang Newly Elected Officials Orientation Course: Primed Leaders for Renewed Local Governance ay pinangunahan ng Department of the Interior and Local Government katuwang ang Local Government Academy. Dito, tinalakay ang iba't ibang paksa kaugnay sa maayos at epektibong pamamalakad ng isang lungsod.

Kasabay rin nito ang pagtatalaga ng bagong officers ng LCP, kung saan hinirang na National President si Cebu City Mayor Mike Rama. Nahalal din si Quezon City Mayor Joy Belmonte bilang Executive Vice President at si Bacolod City Mayor Albee Benitez naman bilang Chairman of the Board.

Ang LCP ay ang opisyal na organisasyon ng 146 na lungsod sa bansa ayon sa mandato ng Section 499 ng Republic Act 7160, o ang Local Government Code of 1991. Layunin nito na tugunan ang mga isyu at problemang kinakaharap ng mga pamahalaang lungsod.

Sa tulong ng naturang pagpupulong, mas determinado si Mayor AA na maglingkod at maiangat ang Lungsod ng Imus sa pamamagitan ng mga programa at proyektong nakapaloob sa kaniyang five-point agenda.




# 3-DAY WORKSHOP ON THE FORMULATION OF ELA, ISINAGAWA



TAGAYTAY CITY — Ginanap ang tatlong araw na workshop para sa pagbabalangkas ng Executive and Legislative Agenda (ELA) ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa taong 2023 hanggang 2025 noong Hulyo 27-29, 2022.

Sa pangunguna ng Department of the Interior and Local Government, nabigyan ng patnubay ang mga bagong halal at ang mga kawaning namumuno sa iba't ibang departamento pagdating sa pagpapanukala ng mga programa at proyektong tututukan sa susunod na tatlong taon.

Ilan sa mga tinalakay ay ang local government unit (LGU) vision statement, development goals, strategies, and objectives, platform of governance o ang mga prayoridad na isinusulong ng pamahalaan, at ang priority legislative agenda ng Sanggunian para sa pagsasakatuparan ng mga layunin at estratehiya ng pamamahala.

Ang ELA ay isang dokumentong naglalaman ng mga panukalang napagkasunduan ng dalawang sangay ng lokal na pamahalaan: ang ehekutibo at lehislatura. Sumusuporta ito sa proseso ng pagpaplano ng LGU, at sumasang-ayon sa Comprehensive Development Plan at Comprehensive Land Use Plan ng mga lungsod at munisipalidad.

Sa pamamagitan nito, mas epektibong maisasakatuparan ng mga bagong lingkod bayan ang kanilang mga adhikain, kabilang na ang five-point agenda ni Mayor AA, tungo sa pag-angat ng Lungsod ng Imus.



# 86 ORGANISASYON, ACCREDITED CSOs

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Ganap nang kinilala ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang 86 na organisasyon bilang Civil Society Organizations (CSOs) noong Setyembre 19, 2022.

Sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, binigyan ng Certificate of Accreditation and Selection of Local Special Bodies ang CSOs matapos dumalo sa CSO Conference noong Agosto 4, 2022.

Ang naturang conference ay pinangunahan ni Konsehal Jelyn Maliksi bilang Chairperson ng Committee on People's Organization and Non-Governmental Organizations' Accreditation, kasama sina Mayor AA at City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan.

Ang CSOs ay kinabibilangan ng mga non-state at non-profit organization, gaya ng community-based at non-governmental organizations na naglalayong isulong ang mga pangangailangan ng mamamayan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pamahalaan.

Makakaasa naman ang mga nasabing CSOs na buo ang suporta ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa kanila.

# 100 EVACUATION TENTS HANDOG NG ROTARY DISTRICT 3810

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Sa pakikipagtulungan ng Rotary International District 3810, na pinangungunahan ni District Governor Dr. Joyce Ambray, sa Embrace Philippines, nakatanggap ng 100 evacuation tents ang Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Setyembre 9, 2022.

Sa ngalan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, tinanggap nina City Administrator Jeffrey Purisima at Rotary Club of Imus East Phenomenal Leader President at Konsehal Mark Anthony Villanueva ang mga naturang tent.

Kasabay nito ay naganap ang unveiling ng Four-Way Test marker at Governor's Visit with Induction of New Officers and New Members ng Rotary Club of Imus East.

Una nang ipinahayag ng District 3810 ang donasyon ng evacuation tents matapos ang pagbisita nito at ng District 3790, sa pangunguna ni District Governor Ana Maria Lorenzana, kay Mayor AA noong Agosto 2, 2022.

Sinisiguro naman ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang maayos na paggamit at paglalaan ng mga natanggap na evacuation tents para sa mga Imuseñong mangangailangan nito.






# BRIGADA ESKWELA NATIONAL KICK-OFF CEREMONY, PINANGUNAHAN NG IMUS

IMUS PILOT ELEMENTARY SCHOOL — Matagumpay na inilunsad ang 2022 National Brigada Eskwela (BE) Kick-off Ceremony, na may temang "Tugon sa Hamon ng Ligtas na Balik-Aral," ng Department of Education (DepEd) noong Agosto 1, 2022.

Sa pangunguna ng Imus Schools Division Office ni Dr. Rosemarie Torres, sinalubong ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula si Vice President at DepEd Secretary Sara Duterte.

“Isang mainit na pagtanggap po mula sa Lungsod ng Imus. Kami po ay nabigla nung nasabihang mag-host ng kick-off dito sa Imus. Kung ano man po ang pagkukulang, kami po ay humihingi ng pasensya" ani Mayor AA.

Ang pagsisimula ng BE ay dinaluhan din ni Cavite Vice Governor Athena Tolentino, mga undersecretaries, assistant secretaries, regional directors, at schools division superintendents mula sa iba't ibang lungsod at munisipalidad sa bansa.

Ayon kay VP at Sec. Duterte, ang samahan ng mga magulang, guro, lokal na pamahalaan, at komunidad ay mahalaga para sa makabuluhang pag-aaral ng mga estudyante.

Ang 2022 BE ay taunang isinasagawa ng DepEd bilang paghahanda sa balik-eskwela. Ngayong taon, mas makahulugan ang pagdaraos nito sapagkat nakatakdang bumalik ang mga estudyante sa mga paaralan.

Nagtagal ang BE hanggang Agosto 26 kung saan tinutukan nito ang pagsasaayos ng mga eskwelahan. Ipinapatupad din ng DepEd ang BE Plus upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral at ang Brigada Pagbasa bilang tugon sa "Hamon: Bawat Bata Bumabasa" sa ilalim ng DepEd Memorandum Blg. 173 taong 2019.

Nagpahayag din ng suporta ang punong lungsod sa DepEd para sa pag-angat ng antas ng edukasyon sa Pilipinas.

"Kami po, sa pamunuan ng Lungsod ng Imus ay 100 porsyentong suportado ang DepEd family. Umasa po kayo na patuloy tayong magtutulungan para mapaganda pa natin ang kalidad ng edukasyon, hindi lamang dito sa ating Lungsod, ngunit maging sa ating bansa," saad ni Mayor AA.


The First 100 Days of MAYOR ALEX "AA" L. ADVINCULA
CITY OF IMUS
LOCAL GOVERNANCE AND ADMINISTRATION
0 GHOST EMPLOYEE
SALARY INCREASE FOR JOB ORDER EMPLOYEES
LAUNCHING OF NEW IMUS CITY WEBSITE
QR CODE FOR TRICYCLE DRIVERS AND TODA IRREGULARITIES
DILG Seal of Good Local Governance 2022 NATIONAL VALIDATION
3-DAY WORKSHOP on the Formulation of Executive & Legislative Agenda (ELA)
DepED BRIGADA ESKWELA '22 with VP SARA DUTERTE
BEST PERFORMING SCHOOLS DIVISION OFFICE
7,392 REGISTRANTS Easier transaction with the launching of E-REGISTRATION SYSTEM
MOST OUTSTANDING PUBLIC LIBRARIAN (Gawad Parangal National Library)
MOST Business Friendly Local Government Unit FINALIST
SOCIAL SERVICES
510 BENEFICIARIES OF BINHING ADVINCULA EDUCATIONAL ASSISTANCE
2,393 FINANCIAL ASSISTANCE BENEFICIARIES
730 BENEFICIARIES OF BINHING ADVINCULA SCHOLARSHIP PROGRAM
1,952 Referred and Placed Applicants
Hakab Na! NATIONAL BREASTFEEDING AWARENESS MONTH
2 LEG PROSTHESIS GIVEN
263 HIRED ON THE SPOT ON JOB MATCHING & LRA
800 SLOTS PASSPORT ON WHEELS
85 SPES BENEFICIARIES
9 CLE DO LIVELIHOOD SKILLS TRAINING
4 Imuseño Centenarians
3 DIGITAL LITERACY PROGRAM
INFRASTRUCTURE
OLD CITY HALL ON GOING REHABILITATION & RESTORATION
GROUNDBREAKING CEREMONY FOR IMUS PUBLIC CEMETERY
BEAUTIFICATION OF CENTER ISLANDS FOR MAJOR ROADS
BLESSING OF BARANGAY HALLS
CABLE WIRE BUNCHING
23 STREET LIGHTS
PROVIDED NEW SITE FOR THE FOLLOWING DEVELOPMENTS:
BRIDGES
SCHOOL BUILDINGS
PUBLIC CEMETERY
SUPERHEALTH CENTERS
HOUSING FOR ISFs RESIDING IN DANGER ZONES
HEALTH, SANITATION, AND ENVIRONMENT
16.65 KG SEEDS GIVEN
130 PARTICIPANTS OF URBAN GARDENING WORKSHOPS
Demonstration of FARMING & PLANT PROPAGATION AREA
City Environment and Natural Resources Office
Conducted Seminars to 97 BARANGAYS (No Segregation, No Collection Policy)
586 SACKS COMPOST GIVEN
HIRED 100 BANTAY KALIKASAN (STREET SWEEPERS) AND DISTRIBUTED 97 ECO CARTS
2-DAY COLLECTION OF GARBAGE PER WEEK
DISTRIBUTED MEDICINES & VITAMINS FOR SENIOR CITIZENS
PROVIDED 200 NEBULIZER
2,573 RABIES VACCINE GIVEN
200 TEST KITS
ANTI-DENGUE Equipment Turnover to different schools (Balik-Sigla, Balik-Eskwela)
LAMANG ang may BAKUNA
59,471 DOSES FROM JULY 1 TO OCTOBER 6, 2022
CHO CITY HEALTH OFFICE
DISTRIBUTED 200,000 FACE MASKS TO DIFFERENT SCHOOLS
136 MOBILE VACCINATION
SA BOOSTER PINASLAKAS LAUNCHING
HIRING OF ADDITIONAL BHWs
HOUSE-TO-HOUSE CENSUS ON HEALTH
PEACE & ORDER, PUBLIC SAFETY AND DISASTER PREPAREDNESS
Implementation of DILG Memorandum Circular No. 2022-085 (Road Clearing) for Key Barangays
INFORMATION DRIVE NATIONAL BUILDING CODE (P.D. 1096)
MEETING WITH POC, CIADAC, ELCAC, CDRRMC
CDRRMO CITY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT OFFICE
Turnover of 100 Evacuation Tents
Rotary District 3810
ALISTO IMUSENYO! SERIES
4 EARTHQUAKE DRILLS
184 FAMILIES Evacuated during the Typhoons Florita & Henry, and continuous monsoon
322 FAMILIES Evacuated during the Typhoon Karding
3 FIRE DRILLS
1 FAMILY Evacuated during a fire accident
4 NEW AMBULANCES
23 SEMINARS AND TRAININGS FOR CAPACITY BUILDING TO BARANGAYS, SCHOOLS, PRIVATE AND PUBLIC OFFICES
CONDUCTED BY CDRRMO STAFF AND RESPONDERS



# PinasLakas, inilunsad sa Imus

EMI-YAZAKI — Sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, inilunsad sa Pamahalaang Lungsod ng Imus ang PinasLakas, isang COVID-19 booster vaccination program ng Department of Health (DOH) para sa ligtas na pagbalik sa trabaho, noong Hulyo 27, 2022 sa EDS Manufacturing Inc. (EMI) - Yazaki.

Dinaluhan ito nina EMI-Yazaki President Nobuhiro Kato, Dir. Ariel Valencia ng DOH-CALABARZON Center for Health Development, Usec. Lilibeth David ng Health Policy and Infrastructure Development Team, at Committee Chair on Health Konsehal Enzo Asistio-Ferrer.

Ang PinasLakas Campaign ay naglalayong mahikayat ang mga Pilipino na tumanggap ng booster shots upang mapalakas pa ang kanilang resistensya laban sa COVID-19.

# 4 na bagong ambulansya ng CDRRMO, pinasinayaan




IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, isinagawa ang turnover at blessing ng apat na bagong ambulansya ng City Disaster Risk Reduction and Management Office noong Agosto 8, 2022.

Naging bahagi rin ng naturang okasyon sina City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan at Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan.



PAGPUPUGAY SA IKA-126 NA ANIBERSARYO NG LABANAN SA IMUS

IMUS, Cavite — Ginunita ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang ika-126 na taon ng Labanan sa Imus noong Setyembre 3, 2022 sa pangunguna ng City Tourism and Development Office.

Isang pagbabalik-tanaw sa makasaysayan at pinakaunang makabuluhang labanan ng Rebolusyonaryong Pilipino, pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pag-alay ng bulaklak sa monumento ng Labanan sa Imus, sa marker ng Tulay Isabel, at sa marker ni Kor. Jose S. Tagle.

Ipinagpatuloy ang pagdiriwang sa Old Municipal Building kung saan ipinahayag ni Mayor AA ang kahilingan niyang malinang sa mga kabataan ang malasakit sa kasaysayan.

Kasabay nito, naganap ang ceremonial signing para sa pagtanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa monumento ni Hen. Tomas E. Mascardo, isang magiting na Imuseño at heneral ng Himagsikang Pilipino at Digmaang Pilipino-Amerika, mula sa mga kaanak nito sa pamamagitan ni Mr. Marco Barretto.

Nakiisa rin sa selebrasyon sina Dating Senador Richard. Gordon, National Historical Commission of the Philippines Deputy Executive Director Alvin Alcid, Konsehal Jelyn Maliksi, Cavite Historical Society Vice President at kinatawan ni dating Prime Minister H.E. Cesar EA. Virata na si Dr. Jose Andres Diaz, Imus Historical Society Vice Chairperson Engr. Aurelio Bautista, City Administrator Jeffrey Purisima, Chief of Staff Hertito Monzon, at ang kinatawan ni City Vice Mayor Homer Saquilayan na si Mr. Paeng Alarcon.

Ang Labanan sa Imus ay nagsimula noong Setyembre 1, 1896 at nagtapos din makalipas ang ilang araw sa Tulay Isabel. Ang katapangan na ipinamalas ni Kor. Tagle ay isa sa mga naging susi para tuluyang magapi ng Himagsikan, na pinamumunuan ni Hen. Emilio Aguinaldo, ang puwersa ni Hen. Ernesto de Aguirre.

## LUNGSOD NG IMUS, BINISITA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG PASSI

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Sinalubong ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, kasama sina Third District Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula at City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, si City Mayor Stephen Palmares at ang mga opisyal ng Lungsod ng Passi, Lalawigan ng Iloilo noong Hulyo 15, 2022.

Layon ng benchmarking na maibahagi sa Passi ang mga pinakamahusay na pamamaraan ng Imus tungo sa isang mas progresibong lungsod.

Isa sa mga napag-usapan nina Mayor AA at Mayor Palmares ang pagkakaroon ng mas matibay na ugnayan upang mas umunlad pa ang dalawang lungsod sa pamamagitan ng isang sisterhood.

Kaakibat ang City Tourism and Development Office, binisita rin ng mga lingkod bayan ng Passi ang ilan sa mga makasaysayang lugar sa Imus: ang Dambana ng Pambansang Watawat ng Pilipinas, o mas kilala bilang Imus Heritage Park, at ang Katedral ng Imus.

Naniniwala si Mayor AA na ang pagbisitang ito ay umpisa pa lamang ng mas malalim na samahan sa pagitan ng Lungsod ng Passi at ng Lungsod ng Imus.







## Mayor AA, pinangasiwaan ang kauna-unahang Kasalang Imuseño

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa unang pagkakataon ang kasalan ng siyam na Imuseñong magkabiyak noong Agosto 11, 2022.

Sa mensahe ni Mayor Advincula, pinaalala niya ang kahalagahan ng pagpapakumbaba anumang pagsubok ang harapin ng mga mag-asawa.

Ayon sa punong lungsod, "ang buhay ay [puno] ng ups and downs—aangat, bababa, may away, minsan bati. Dadaan lahat 'yan sa buhay ninyo. Pinakaimportante sa lahat, pagtitiis at pasensya. Laging magpakumbaba."

Dinaluhan din ni Kinatawan Adrian Jay "AJ" Advincula ang pagdiriwang, kung saan ipinahayag niya ang hangarin nila ng punong lungsod.

"Una pong [beses] magkakasal ni Mayor AA, gusto naman po namin, 'yung pong kaniyang unang ikakasal ay pagpalain at dumating ang blessing na kanilang hinihingi," pahayag ni Cong. AJ.

Ang Kasalang Imuseño, "AAlagaan Ka Habang Buhay," ay handog ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mamamayang Imuseñong nais magpakasal, anuman ang estado sa buhay.

Pinangasiwaan nina City Chaplain Sancho Sampot at Deputy Chaplain Ramil Ilano ang naturang seremonya.

Nakatanggap naman ng rice cooker at electric fan ang mga nabanggit na ikinasal ni Mayor AA.

## BINHING ADVINCULA EDUCATIONAL ASSISTANCE AT SCHOLARSHIP PROGRAM PARA SA 1,240 IMUSEÑO



IMUS SPORTS COMPLEX — Sa pakikipagtulungan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula kay Congressman Adrian Jay "AJ". Advincula, nabigyan ng educational assistance at scholarship ang 1,240 Imuseñong mag-aaral noong Setyembre 1 at 21, 2022.

Pinayuhan ni Mayor AA ang mga estudyante na mag-aral nang mabuti habang may pagkakataon dahil ito ang susi tungo sa pagkamit ng kanilang mga pangarap.

Ang Binhing Advincula Educational Assistance ay handog ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Ikatlong Distrito ng Cavite sa Imuseño high school, senior high school, at college students mula sa mga pampublikong paaralan at state universities.

Hatid naman ng Binhing Advincula Scholarship Program ang partial hanggang full scholarship sa mga estudyanteng Imuseño na nag-aaral sa mga pribadong eskwelahan.

Sinisikap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na mas marami pang mag-aaral ang matulungan dahil naniniwala si Mayor AA na ang edukasyon ay dapat abot-kamay ng lahat.




## 2,393 IMUSEÑO NAKATANGGAP NG AICS MULA SA PAYOUT NG CSWDO

WELLNESS CENTER, IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Sa pamamagitan ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) ng Imus City Social Welfare and Development Office (CSWDO), namahagi sina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Kinatawan Adrian Jay "AJ" Advincula ng tulong pinansyal sa kabuuang 2,393 Imuseño noong Hulyo 12 at 20, Agosto 4, Setyembre 1, 21, at 27, at Oktubre 6, 2022.

Naging katuwang naman ng Pamahalaang Lungsod ang tanggapan ni Senador Bong Go noong Agosto 4.

Ang AICS ay isa sa mga programa ng CSWDO na naghahatid ng tulong medikal, pinansyal, transportasyon, pang-edukasyon, at pampalibing.

Layunin nito na matulungang makabangon ang mga indibidwal at pamilyang nahaharap sa krisis, kabilang na ang mga indigent at ang mamamayang hindi pa nakatatanggap ng tulong mula sa Crisis Intervention Unit.

Ilan lamang ito sa mga programang binibigyang pansin ni Mayor AA bilang tugon sa mga pangangailangan ng publiko tungo sa pag-angat ng Imus.

## 322 PAMILYA INILIKAS SA IMUS DAHIL SA BAGYONG KARDING

IMUS, Cavite — Naghatid ng food packs at hot meals ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa 322 pamilyang inilikas ng City Disaster Risk Reduction and Management Office dahil sa banta ng Bagyong Karding nitong Setyembre 25 at 26, 2022.



Personal na kinumusta ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 79 na pamilyang pansamantalang nanuluyan sa Tinabunan Elementary School. Kabilang din sa mga tinuluyan ng iba pang mga residente ang Imus Sports Complex at ang Barangay Hall ng Malagasang II-C.

Nagmula ang mga inilikas sa Dumlao at Saradpon Compound, Bicol Area, Riverside ng Brgy. Malagasang II-C, at mga barangay ng Pag-asa III at Bayan Luma IV.

Umabot sa Super Typhoon – Category Five ang bagyong Karding, na may international name na Noru, bago mag-landfall sa Quezon Province noong Setyembre 25.

Sa pamumuno ni Mayor AA, handa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus na tumugon sa pangangailangan ng bawat Imuseño, higit sa panahon ng bagyo at sakuna.

# CITY OF IMUS GRANDSTAND, PINAGDAUSAN NG KAUNA-UNAHANG MARESTELLA LONG JUMP QUEEN



IMUS GRANDSTAND AND TRACK OVAL — Ginanap ang kauna-unahang Marestella Long Jump Queen Competition sa pangunguna ng City Sports Development Unit noong Hulyo 30, 2022.

Ang nasabing paligsahan ay nilahukan ng 64 na manlalaro. Ito ay nahati sa apat na kategorya, kung saan nasungkit ni Janry Ubas ang gold medal sa 18 Up Men Category at nakuha ni Abcd Agamanos ang gold medal sa 18 Up Women Category.

Pagdating sa 13 – 17 Years Old Boys Category, napanalunan ni Renchard Pagulayan ang gold medal, habang hinirang na gold medalist si Rica Mae Balderama sa 3 – 17 Years Old Girls Category.

Ang kompetisyon na ito ay inilunsad ni Marestella Torres-Sunang; isang three-time Olympian sa long jump, gold medalist sa 2009 Asian Championships, at four-time Southeast Asian Games gold medalist.



# IMUS CITY LIBRARIAN, HINIRANG NA MOST OUTSTANDING SA 2022 GAWAD PARANGAL

IMUS, Cavite — Pinarangalan si Ms. Rosena Roman, Imus City Librarian, ng Unang Gantimpala sa 2022 Gawad Parangal sa Natatanging Propesyunal na Tagapangasiwa ng Pampublikong Aklatan ng National Library at The Asia Foundation noong Agosto 19, 2022.

Ito ay iginawad kay Ms. Roman dahil sa ipinakita niyang husay at dedikasyon para sa ikauunlad ng Pampublikong Aklatan ng Imus.

Nakatanggap din ng Plaque of Appreciation si City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa suporta na kaniyang ibinibigay sa mga programa at aktibidad ng City Public Library.

Sa pinalawak at pinagandang Imus City Library, tinitiyak ng Pamahalaang Lungsod ang paghahatid ng mga serbisyo at programang mas mag-aangat sa antas ng edukasyon sa Imus.

## BAGONG PAMPUBLIKONG IMPRASTRAKTURA SA IMUS, PINASINAYAAN NI MAYOR AA

IMUS, Cavite — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang groundbreaking at pagbabasbas ng limang pampublikong pasilidad sa Lungsod ng Imus noong Oktubre 5-7, 2022.

Una nang isinagawa ang groundbreaking ng itatayong tatlong palapag na pampublikong sementeryo sa Brgy. Bucandala IV. Mayroong kabuuang sukat na 8,000 sqm ang lupaing handog ni Mayor AA sa lokal na pamahalaan para dito.

Pinasinayaan din ang mga barangay hall ng Poblacion I-B at Bucandala IV at ang Multipurpose Hall ng Medicion II-C. Pormal ding binuksan sa publiko ang Maharlika Health Center, o ang City Health Office V.


Samantala, pinailawan din ang kalye sa Sapang Palay, Brgy. Tanzang Luma IV.

Ang serye ng mga proyektong pang imprastraktura ay sinisimulan pa lamang. Patuloy na isasakatuparan ng administrasyong Advincula ang mas maganda at mas maningning na Imus.




## MAKABAGO AT MODERNONG MGA PROYEKTO PARA SA MGA IMUSEÑO


Center Islands and Streetlights



Directional Signages




Welcome Archs



Footbridge


AAruga Residences


Imus Public Cemetery

IMUS CITY — Inilatag ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa kanyang pag-upo ang mga proyektong kanyang inihahanda para sa ikabubuti ng mga Imuseño na maisasakatuparan sa pakikipagtulungan ni Kinatawan Adrian Jay "AJ" Advincula at ng buong Sangguniang Panlungsod.

Ilan sa mga ito ay ang pagsasaayos ng mga daan sa lungsod, pagpapapagawa ng center islands at streetlights sa Imus Boulevard, Malagasang I-G pati na rin sa kahabaan ng Aguinaldo Highway.

Kasama rin dito ang paglalagay ng mga directional signages na kasalukuyan ng sinimulan sa mga major roads ng Imus na mas makakatulong sa isang ligtas at maayos na pag biyahe ng mga nadaan dito.

Kabilang rin sa adhikain ang maisaayos at mabigyan ng mas maalwan na biyahe ng mga Imuseño at mga mamamayan ng karatig lungsod sa pamamagitan ng pagpapatayo ng modernong footbridges at welcome arch sa boundary ng Imus at Dasma.

Ang makatulong sa mga Imuseño lalo na sa higit na nangangailangan ay isa sa prayoridad ng Imus LGU at ni Mayor AA, kaya't naglaan din siya ng 8,000 sqm na matatagpuan sa Brgy. Bucandala IV para sa itatayong panibagong Imus Public Cemetery.

Proyektong pabahay rin para sa mga Imuseñong nakatira sa danger zones ang hatid ng Imus LGU kasama ang DHSUD at ang Pro-friends. Maasahan na unti-unti ng makikita at mararamdaman ang pag-unlad sa Imus.

## PAGGAWAD NG PROSTHESES NI MAYOR AA SA 2 IMUSEÑO



IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Ginawaran ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ng leg prosthesis si Edgardo Calitis ng Brgy. Anabu 1-E noong Hulyo 22, 2022. Muli namang nakatanggap ng prosthetic leg si Ronilo Monzon ng Brgy. Medicion 2-E mula kay Mayor AA noong Agosto 22, 2022. Una nang nabigyan ng prosthetic leg si G. Monzon taong 2019 sa pamamagitan ng Sugod Bahay Program ng Punong Lungsod noong siya ay kinatawan pa ng Ikatlong Distrito ng Cavite.



## PAGHAHANDOG NI MAYOR AA NG 97 ECO CARTS SA IMUS CENRO

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Sa pinaigting na mga programa at aktibidad para sa kalinisan ng Imus, pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pamamahagi ng 97 Eco Carts sa City Environment and Natural Resources Office (ENRO) partikular na sa Bantay Kalikasan team na binubuo ng mga street sweeper at eco-aide noong Agosto 15, 2022.



## PAKIKIPAGPULONG NI MAYOR AA SA IMUS PNP

WELLNESS CENTER, IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Nag-abot ng cash aide si City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa 133 pulis ng Philippine National Police noong Setyembre 27, 2022 para makatulong pa sa kanilang paghahanda sa promotional examinations ng National Police Commission.



## MOA SIGNING NG IMUS AT NAPOLCOM

IMUS, Cavite — Pinagtibay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at National Police Commission (NAPOLCOM) Region IV-A ang kanilang samahan nitong Oktubre 5, 2022 sa paglagda nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at NAPOLCOM Regional Director Atty. Leonora Bartolome sa isang memorandum of agreement.

Sa pamamagitan nito, mas matutulungan ang mga Imuseño sa kanilang paghahanda para sa Entrance and Promotional Examinations ng NAPOLCOM.


## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor:**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Ron Diaz
Elaiza Lardizabal

**Photo Credits:**
City Information Office
CTDO


IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center, Imus Boulevard, Malagasang I-G, City of Imus, Cavite